

OPISYAL NA PAHAYAG

April 27, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach (JIC, inisyal sa Ingles), 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Mga Pagpipilian ng Pagsusuri para sa COVID-19 ay Pinapalawak sa Lungsod ng Long Beach

Long Beach, CA – Ang Lungsod ng Long Beach ay nagpapalawak ng mga pagpipilian ng pagsusuri sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Ang pagbubukas ng dalawang bagong lugar ay inaasahang maganap sa susunod na linggo.

“Ang pagsusuri ay kritikal para sa pagsubaybay, pagkontrol, at pang iwas sa pagkalat ng COVID-19,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Dahil sa pagpapalago ng kapasidad at aksesibilidad ng mga pagsusuri, nagagawa naming makapagtrabaho ng mas mabisa at makapangalaga ng mas maraming tao.”

Ang Lungsod ay nagdagdag ng mga pagsusuri na di kinakailangan ang sasakyan sa tatlo nitong mga lugar ng pagsusuri. Ang pagsusuri ay isinagawa upang matulungan ang mga indibidwal na walang sasakyan. Ang mga indibidwal na ito ay hinihikayat na magpaskedyul ng isang appointment bago pumunta sa lokasyon ng pagsusuri, o bumisita sa Rapid Assessment Clinic(RAC) para magpatulong.

Ang mga appointment ay nagaganap mula 10 a.m. hanggang 1 p.m. araw araw sa mga sumusunod na mobile testing booths ng Kagawaran ng Kalusugan:

- Long Beach City College Pacific Coast Campus, 1305 Pacific Coast Highway (ang pasukan ng paradahan ay malapit sa Orange Avenue) - Ang RAC ay katabi ng lugar ng pagsusuri.
- Jordan High School, 6500 Atlantic Avenue (ang pasukan ay nasa Atlantic Avenue)
- Cabrillo High School, 2001 Santa Fe Avenue (ang pasukan ay nasa Santa Fe Avenue at W. Willard Street)

Ang mga taong nagpapakita ng mga sintamos ay maaaring magpa-appointment sa mga mga pagsusuri na di-kailangan-ng-sasakyan at mga drive-through, pati na rin sa mga appointment sa parehong araw o pang-susunod-na-araw. Habang ang mga pagsusuring ito ay may prayoridad para sa mga indibidwal na may edad na higit sa 65 o may mga kondisyon sa kalusugan, maaari ding magpaiskedyul ang sinumang may sintomas ng COVID-19. Ang mga interesadong indibidwal ay hinikayat na bumisita sa [pahina ng pasusuri sa COVID-19](#) upang sagutin ang mga katanungan pangkalusugan at mag-iskedyul ng isang appointment.

Ang mga manggagawa na nasa frontline, kabilang ang mga unang tumutugon, kritikal na mga tauhan ng gobyerno, mga propesyonal na nangangalaga sa kalusugan at mga manggagawa sa groseri ay maaaring magpasuri kahit anuman ang mga sintomas. Maaari rin na magpasuri mga tauhan na hindi nagpapakita ng sintomas at naniniwala na maaaring nahawa ng COVID-19.

Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay nagtatrabaho kasama ang Kolehiyo ng Lungsod ng Long Beach upang magbukas ng isang bagong lugar sa Liberal Arts Kampus na may tinatayang 100 na pagsusuri araw-araw. Plano ng Lungsod na buksan ang bagong lugar na ito sa susunod na linggo.

Ang Lungsod ay nakikipagtulungan din kasama ang mga opisyal ng county at estado para madagdagan ang kapasidad ng pagsusuri ng Lungsod. Ang isang karagdagang lugar ng pagsusuri, na iminungkahi para sa North Long Beach, ay inaasahang magbukas sa susunod na linggo. Magkakaroon din ng mahigit sa 100 pagsusuri sa bagong lokasyon na ito.

Ang mga detalye na may kaugnayan sa parehong lugar ng pagsusuri na it ay nalalapit.

Once the two new sites are established, the City will have the capacity to test more than 700 people per day. That would be in addition to the current capacity to test approximately 250 people per day at St. Mary Medical Center.

Kapag naitatag ang dalawang bagong lugar ng pagsusuri, ang Lungsod ay magkakaroon ng kapasidad na suriin ang higit sa 700 katao bawat araw. Ito ay bilang karagdagan sa kasalukuyang kapasidad ng St. Mary Medical Center na makapagsuri ng halos 250 katao bawat araw.

Para sa pinaka bagong impormasyon sa COVID-19 at mga detalye ukol sa mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatili ang kaligtasan ng kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter, at Instagram.

###